**UE Research Journal**
Vol. 29 (2026): pp. 212-236

# *Manila High School*: Kasaysayan at Pamana sa Lungsod ng Maynila

**Gerald A. Dizon**
**Rhinalou C. Salamat**
College of Arts and Sciences
Basic Education Department
University of the East, Caloocan

## Abstrak

Ang *Manila High School* ay ang itinuturing na kauna-unahang sekundaryang paaralang bayan sa Lungsod ng Maynila na itinatag ng mga Amerikano noong Hunyo 11, 1906. Matatagpuan sa daang Victoria, Intramuros ang unang gusali nito. Nagkaroon ito ng iba't ibang sangay na kinabibilangan ng *Manila South High School (Manuel Araullo High School), Manila East High School (Victorino Mapa High School), Manila North High School (Cayetano Arellano High School)* at *Manila West High School (Florentino Torres High School).* Hango mula sa mga dating nagsilbing mahistrado ng Korte Suprema ang pangalan ng mga nasabing paaralan. Ang *Manila High School* ay naging saksi sa ilang mahalagang kaganapan sa kasaysayan ng Maynila sa loob nang mahabang panahon.

Layunin ng pananaliksik na matukoy ang iba't ibang salik na nagbigay-daan sa pagtatatag nito; mailarawan ang kondisyon ng sistema ng edukasyon, partikular na sa Lungsod ng Maynila; maipakita ang papel ng *Manila High School* sa paghubog ng kasaysayan ng pangunahing lungsod ng bansa; maipamalas ang naging pagbabagong-anyo ng paaralan sa paglipas ng panahon; at maipakita ang mga iniwan nitong pamana o ambag sa mayamang kultura at kasaysayan ng Maynila.

Ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng *historical method* sa balangkas ng kwalitatibong pananaliksik. Batay kay Bloch (*The Historian's Craft*, 1953), tinitingnan ang kasaysayan bilang pagsusuri sa ugnayan ng mga pangyayari, institusyon, at karanasan ng tao sa konteksto ng panahon. Binigyang-diin ng pag-aaral na ito ang sistematikong pagkalap at pagsusuri ng mga primarya at sekundaryang batis bilang pundasyon ng makasaysayang pagsusuri.

Mahalaga ang pag-aaral na ito dahil magbibigay-linaw ito sa mahalagang papel ng *Manila High School* sa kasaysayan ng Maynila. Gayundin ang mga mahahalagang pamana na iniwan nito sa lungsod. Dagdag pa rito, ang pag-aaral na ito ay magsisilbing tuntungan sa mga susunod pang pag-aaral partikular sa kasaysayan ng edukasyon sa bansa.

*Mga Susing Salita: Manila High School*, kasaysayan, pamana